

~ Alamin nating mabuti ang Japan ~

Isyu ng Abril 2024

Mga Paksa

Alamin ang rules sa Japan sa Man-ga [pagtatapon ng basura]

◇Gawing masaya ang pamumuhay sa Japan —Subukan natin ang NHK WORLD JAPAN —

◇Pinagmulan ng [Hiragana] at [Katakana]

Kokugo no Mori [Mga salitang may magkatulad na kahulugan]

ALAMIN ANG RULES SA JAPAN SA MAN-GA

— pagtatapon ng basura —



Kung paghahaluin mo ang lahat ng basura at ipapadala ito sa collection site nang hindi ito pinaghihiwalay, hindi ito maitatapon o maire-recycle nang maayos, at maaari pa itong magdulot ng aksidente sa pasilidad ng tapunan ng basura. Kung hindi mo susundin ang mga alituntunin sa pagbubukod-bukod, mga araw ng koleksyon, at mga oras na itinakda sa iyong lugar, maraming basura ang maiipon sa tambakan ng basura sa mahabang panahon, at magiging marumi ito at mabaho. Siguraduhing sundin ang itinatag na mga patakaran.

Ang "Tomo" ay naglalathala at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan at mga puntos para sa pag-aaral ng Japanese na may furigana at nasa siyam na wika (Vietnamese, Chinese, Pilipino, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongol, at English). Ang bersyon ng Japanese ay ihahatid bilang isang leaflet, at ang bersyon ng wikang banyaga ay maaaring tingnan sa format na PDF mula sa website ng JITCO sa inyong smartphone. Mangyaring gamitin ito. (<https://www.jitco.or.jp/ja/tomo/>)



Gawin nating mas masaya ang buhay sa Japan!

Napakahalaga na malaman ang tamang impormasyon habang naninirahan sa Japan. Ang NHK World Japan, ang internasyonal na serbisyo ng NHK, na pampublikong media ng Japan, ay nagpapakalat ng iba't ibang impormasyon sa iba't ibang wika sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, at internet. Mayroon ding content na kapaki-pakinabang para sa pag-aaral ng Japanese at mga app na nag-aabiso sa iyong smartphone ng impormasyong pang-emergency kung sakaling magkaroon ng malaking sakuna gaya ng lindol. I-scan ang QR code at subukan natin ito.



I-download natin ang NHK WORLD-JAPAN app!

- ☆Puno ng mga nilalaman ukol sa pag-aaral ng salitang Hapon
- ☆Pagpapalaganap ng balita sa NHK sa 19 na wika
- ☆Sabay-sabay na pamamahagi ng mga broadcast na pang-internasyonal at mga subtitle na isinalin sa maraming wika
- ☆On-demand na pamamahagi ng mga programa sa telebisyon at radyo
- ☆Ang impormasyong pang-emergency sa lindol/tsunami ay ipadadala sa mga smartphone
 - ※Available ang mga notipikasyon sa English, Chinese, Vietnamese, at Portuguese



Multilingual na programa ng impormasyon na "Living in Japan"

I-bro-broadcast sa NHK ラジオ第2

Petsa at oras ng broadcast: Tuwing Linggo mula 13:10 hanggang 30 minuto

[uulitin] sa susunod na Sabado.

Wika ng broadcast: English, Chinese, Vietnamese, Portuguese (nagbabago linggu-linggo)

Nagbibigay kami ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa mga dayuhang naninirahan sa Japan, na may nilalamang iniangkop sa bawat komunidad.



Chatroom Japan

Isang programa na humihiling sa mga dayuhan na naninirahan sa Japan na ibahagi ang kanilang mga opinyon. Kasabay ng website, titingnan natin ang mga benepisyo at katanungan ng paninirahan sa Japan nang may sariwang paniningin.

Naghahanp kami ng mga opinyon at concerns!



News

Mapapanood sa pamamagitan ng live streaming sa NHK WORLD-JAPAN website/app.

■**NHK NEWSLINE (Lunes hanggang Biyernes) Bawat oras (Sa oras: 0:00 minuto) / (Sabado at Linggo) Bawat oras** ※Hindi kasama ang 4:00 a.m. mula Martes hanggang Sabado

Ang pangunahing programa ng balita ng NHK WORLD-JAPAN.

Araw-araw bawat oras, naghahatid kami ng mga pinakabagong balita, impormasyong pang-ekonomiya, impormasyon sa panahon, atbp. mula sa buong mundo, pangunahin mula sa Japan at Asia.

■**NEWSLINE ASIA 24 (Lunes - Biernes) 3:00 p.m.**

Isang pinalawak na bersyon ng NHK NEWSLINE na may kasamang mga broadcast mula sa buong Asia.

■**NEWSLINE IN DEPTH (Lunes - Biernes) 8:27 p.m.**

Tinutuklasan namin ang katotohanan sa likod ng lahat ng mga kaganapan, mula sa malalim na paningin sa maiinit na balita hanggang sa pinakamaliwanag na mga paksang lokal.

■**NEWSROOM TOKYO (Lunes - Biernes) 8:00 p.m.**

Isang programa ng balita na gaganapin tuwing weekday nights na nagbuod sa mga development bawat araw sa Japan at Asia, at nagbibigay ng komentaryo mula sa mga eksperto at reporter sa isang malalim at madaling maunawaan na paraan.

ANIME MANGA EXPLOSION

Aktibong itatampok namin ang mga kinatawan ng mga gawa na kilalang-kilala sa mga tagahanga sa ibang bansa, at sa pamamagitan ng serye ay susuriin namin ang mga lihim ng paglikha ng Japanese anime at manga.



Pinagmulan ng "Hiragana" at "Katakana"

May dalawang uri ng Japanese phonetic character (mga character na ang bawat isa ay walang kahulugan at kumakatawan lamang sa mga tunog): "Hiragana" at "Katakana". Ito ay isang natatanging Japanese character na nilikha mula sa kanji, na mga ideograms (mga character na bawat isa ay may partikular na kahulugan). Kaya't bakit mayroong dalawang uri ng mga character na kumakatawan sa parehong tunog, "hiragana" at "katakana"?

Una sa lahat, ang "kanji" ay sinasabing ipinakilala sa Japan mula sa China noong 1st century. Hanggang noon, walang nakasulat na salita sa Japan, at nagsimula silang gumamit ng kanji na ipinakilala mula sa China. Gayunpaman, ang kanji na ipinakilala mula sa China ay hindi sapat na makapagpahayag ng wikang Hapon, kaya ang mga tao ay nagsimulang ihiwalay ang kahulugan mula sa kanji at humiram lamang ng mga tunog upang kumatawan sa wikang Hapon. Ito ay "Manyogana". Halimbawa, ang "mo" (も) sa hiragana ay isinasaad bilang "mo" (毛) sa Manyogana. Sinasabi na nakuha ang pangalan nito dahil ginamit ito sa Manyoshu, na sinasabing pinakalumangng koleksyon ng mga waka poems sa Japan.

Gayunpaman, ang Manyogana ay may maraming uri at masalimuot, at marami sa mga ito ay mahirap isulat. Kung kaya't sa paligid ng 9th century, nilikha ang Hiragana sa pamamagitan ng pagbagsak ng Manyogana. Ito ang panahon ng aristokratikong kultura na kilala bilang panahon ng Heian. Noong panahong iyon, ang kanji ay ginagamit ng mga lalaki sa mga pampublikong sitwasyon, habang ang "Hiragana" ay pangunahing ginagamit sa mga pribadong sitwasyon at ginagamit ng mga babae.

Habang dumarami ang mga taong marunong bumasa at sumulat, na hanggang noon ay naging posible lamang para sa ilang mga iskolar, mga liham, sanaysay, at mga waka poems na nabuo, na humahantong sa paglaganap ng literaturang pambabae. Ang Tale of Genji, na isinulat ni Murasaki Shikibu, ang pangunahing tauhan ng NHK Taiga drama na kasalukuyang ipinapalabas, ay isa sa mga kinatawan ng mga akda ng literatura sa panahong ito.

Sa kabilang banda, ang pinanggalingan ng "Katakana" ay sinasabing bahagi ng Manyogana. Sinasabi na ang mga karakter na ito ay pangunahing nilikha para sa mga lalaki na kumukuha ng mga notes habang nag-aaral ng literatura ng China.

Bihirang makakita ng bansang gumagamit ng tatlong uri ng mga character: kanji, hiragana, at katakana, kaya naman mahirap daw ang pag-aaral ng Japanese. Marahil, mas mabuti kung mas magiging interesado kang matuto ng Japanese sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa pinagmulan ng "Hiragana" at "Katakana".



(kaliwa) Mula sa Manyogana hanggang sa katakana
(kanan) Mula sa Manyogana hanggang hiragana

Kokugo no mori

Ito ay isang materyal sa pagtuturo para sa pag-aaral at kung paano gamitin ang mga salitang Hapon at kanji. Magsaya habang nag-iisip ng mga sagot. (nasa sumusunod na pahina ang mga sagot)

Isang ngiti



Ang mga teknikal intern trainees mula sa Indonesia, na nakasuot ng kimono, ay lumahok sa [Pagtitipon ng mga 20 yrs. old o Nijusai no tsudoi] na ginanap sa Tsu City, Mie Prefecture. Pagkatapos ng seremonya, pumunta sila sa Todaiji Temple sa Nara. Tuwang-tuwa sila na makasali sa seremonya ng coming-of-age sa Japan, at ito ay isang alaala na hindi makakalimutan. Nagpapasalamat sila sa lahat ng mga kasamahan nila sa trabaho sa pagbibigay ng pagkakataong ito.

※2024年1月投稿 実習実施者：旭電器工業株式会社（監理団体：ELC事業協同組合）

Pumili kami ng isang larawan mula sa "Technical Intern Training Days" na nai-post sa website ng JITCO ng mga organisasyon na tumatanggap ng mga trainee. Tingnan dito ang pahina ng "Technical Intern Training Days" at mga kinakailangan sa aplikasyon. (<https://www.jitco.or.jp/ja/days/>)



Impormasyon sa 32st Technical Intern Trainee / Trainee Japanese Essay Contest

Magsisimulang tumanggap ng mga aplikasyon ang JITCO para sa Japanese Essay Contest mula ika-1 ng Abril (Lunes). Ang deadline sa pagpasa ng aplikasyon ay hanggang sa Mayo 10 (Biernes). Para sa detalyadong impormasyon sa aplikasyon ng contest, mangyaring tingnan ang website ng JITCO (<https://www.jitco.or.jp/>) Ang notis ay ipo-post sa "JITCO Japanese Teaching Materials Hiroba". (<https://hiroba.jitco.or.jp/>) Hihintayin namin ang inyong aplikasyon!



Gabay sa mga consultation counter

Kapag namroblema...? (<https://www.otit.go.jp/notebook/>)

Sa OTIT (Organisasyon para sa Teknikal Intern Training), maaari mong gamitin ang consultation counter sa iyong katutubong wika kapag ikaw ay may problema. Gayundin ang lokal na consultation counter at impormasyon sa pag-iwas sa kalamidad, at mga convenient app tulad ng "Mga salitang Hapon sa site" at "Technical Intern Training Handbook".



Ang 「におい」 ay maaaring maging mabuti o hindi kasiya-siya, ngunit ang 「かおり」 ay ginagamit para sa mabangong amoy at ang 「かがやく」 ay may pagkakataong ginagamit para sa kumikinang o 「きらきら光る」. Ang ibig sabihin ng 「にぎる」 ay "ibaluktot ang lahat ng mga daliri paloob". Nangangahulugan din itong "hawakan ang isang bagay" sa estadong iyon na nakabaluktot ang mga daliri.

Kung gumawa ka ng malakas na ingay, ikaw ay "sisigaw" (叫ぶ), kung ikaw ay magiging emosyonal, ikaw ay "sisigaw" (怒鳴る), at kung ikaw ay nag-iingay, ikaw ay "sisigaw." (喚く).

とも

2024年4月 春季号

2024年4月1日発行

発行

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)

総務部広報室

〒108-0023

東京都港区芝浦2-11-5

五十嵐ビルディング

電話

03-4306-1166 (ダイヤルイン)

JITCO ホームページ

<https://www.jitco.or.jp/>